BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ang Brampton Fire and Emergency Services na nakikilahok sa *Saved by the Beep, na* pangungunahan ng Opisina ng Fire Marshal

BRAMPTON, NOONG (ika-6 ng Setyembre, 2023) - Upang mapataas ang kamalayan hinggil sa kahalagahan ng pagiging ligtasmula sa sunog at paghahanda, ang Lungsod ng Brampton ay nakikilahok sa unang *Test Your Smoke Alarm Day* ng Ontario, na mangyayari sa ika-28 ng Setyembre, na pangungunahan ng Opisina ng Fire Marshal (OFM).

Sa pagtaas ng mga nasawi sa sunog sa buong lalawigan, ang OFM ay lumikha ng isang kampanya upang mag-eduka, ang *Saved by the Beep,* upang hikayatin ang mga residente na subukan ang kanilang mga smoke alarm at gawin ang naaangkop na mga aksyon upang gawing mas ligtas ang kanilang mga tahanan mula sa sunog.

Ang Brampton Fire and Emergency Services ay nakikibahagi sa *Saved by the Beep,* upang turuan ang mga residente tungkol sa kahalagahan ng mga gumaganang smoke alarm, sa carbon monoxide alarm, at pagkakaroon ng isang plano kung paano makatakas sa bahay.

Sa buong Setyembre, ang Lungsod ng Brampton at BFES ay magbabahagi ng impormasyon sa social media at maghahanda ng isang personal na kaganapan upang talakayin ang kahalagahan ng pagiging ligtas mula sa sunog sa loob ng bahay at mga tip na maaaring magamit ng mga residente upang matiyak na handa sila kung sakaling magkaroon ng sunog.

**Sumama sa aming Mag-kape kasama ang isang Firefighter**
**Ano:** Kilalanin si Sparky the fire dog at alamin ang tungkol sa *Test Your Smoke Alarm Day* at ang kahalagahan ng mga gumaganang smoke alarm at pagiging ligtas mula sa sunog:
**Petsa:** Biyernes, ika-22 ng Setyembre
**Oras:** 9-11am
**Saan:** McDonalds, 160 Sandalwood Parkway East

Upang maipalaganap ang kamalayan hinahamon ng BFES ang mga residente sa social media na gumalaw-galaw sa kanilang *Saved by the Beep* dance challenge. Nakagawa sila ng isang sayaw na madali para sa lahat ng edad at abilidad. Upang makatulong sa pagpapalaganap ng kamalayan para sa kaligtasang nagagawa ng smoke alarm, ibahagi ang iyong video sa lahat at gamitin ang #SavedByTheBeep upang ipakita kung paano mo sinubukan ang beep. Tingnan ang sayaw sa @citybrampton Instagram.

Para sa karagdagang impormasyon, mga tip upang makaligtas mula sa sunog at kung paano gawing mas ligtas ang iyong bahay sa sunog bisitahin ang www.bramptonfire.com

**Mga Quote**

"Ang pagiging ligtas mula sa sunog ay isang paksang kailangang talakayin nang higit pa. Ang mga smoke alarm ay nakapagliligtas ng mga buhay at lumilikha ng isang araw sa buong lalawigan upang paalalahanan ang mga tao na subukan ang mga smoke alarm sa kanilang mga tahanan ay isang hakbang upang maprotektahan ang ating mga residente kung sakaling magkaroon ng sunog. Masaya ako na maging bahagi ng kahanga-hangang kampanyang ito, at upang maipalaganap ang kamalayan sa Brampton tungkol sa kahalagahan ng pagiging ligtas mula sa sunog."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Nasasabik kaming lumahok sa kampanya na Saved by the Beep. Ang mga smoke alarm ay nakapagliligtas ng mga buhay at nagpapaalala sa mga residente na subukan ang kanilang mga smoke alarm buwan-buwan ay makakatulong na mapanatili silang ligtas. Hinihikayat din namin ang mga residente na maging handa kung sakaling magkaroon ng sunog sa pamamagitan ng pagkakaroon ng isang plano kung paano makatakas sa bahay. Ang bawat segundo ay mahalaga kapag may sunog at ang pagiging handa ay makapagliligtas ng mga buhay."

- Rob Martin, Acting Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services

"Ang Lungsod ng Brampton at Brampton Fire ay lumampas sa mga inaasahan upang itaguyod ang Test Your Smoke Alarm Day kasama ang kampanya ng Saved by the Beep. Ang pagkamalikhain na ipinakita ng Brampton upang mailabas ang mensaheng ito na makapagliligtas ng buhay ay tunay na kapuri-puri. Natutuwa akong makita ang pinagsamang pagsisikap sa pagitan ng Brampton at ng OFM na nagpapakita na ang pakikipagtulungan ay maaaring makaapekto sa pagbabago na dapat nating makita upang gawing ligtas mula sa sunog ang Ontario."

- Jon Pegg, Marshal ng Sunog

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca